

Manggob: Ang Epiko ng mga Mansaka sa New Bataan, Compostela Valley Province

Eden Abordo-Agbayani

Panimula

Isa sa mga tradisyong oral ng mga Pilipino na nanganganib na mawala ang epiko. Ang epiko ang kumakatawan sa pinakamahaba at pinakamasining na anyo sa larangan ng pabigkas na panitikan sa Pilipinas (Constantino 1976, 456). Mahalaga ito hindi lamang bilang panitikan kung hindi bilang isang makabuluhang dokumento ng ating lipunan na nagsisilbing behikulo sa pagbibigay ng kaalaman at kahulugan sa kasaysayan ng tao o ng isang bansa (Demetrio 1979, 9).

Isa sa mga nailathalang epiko ang Manggob ng mga Mansaka. Sa pag-aaral na isinagawa ni Antonio S. Magaña (Demetrio 1972, 346-376) naitala ang buod ng epiko ngunit hindi ang orihinal na teksto nito. Saklaw ng pag-aaral ni Magaña hindi lamang ang epiko kung hindi ang iba't ibang pasalitang panitikan ng mga Mansaka. Hamon niya na maghanap at magrekord pa ng mga tradisyong oral ng mga Mansaka na unti-unti nang nawawala. Tinugon ko ang hamon na ito.

Sa kasalukuyan, matatagpuan ang mga Mansaka sa Davao del Norte, sa mga bayan ng Manat Valley, Maragusan Valley, Ilog ng Batoto, Hijo River Valley, baybayin ng Kingking, Maco, Kwambog, Hijo, Tagum, Liboganon, Tuganay, Ising at Panabo (Fuentes at De la Cruz, 1980, 2) at pati na rin sa Bundok ng Lupon (Corcino 2002). Ipinapakita rin sa *Distribution of Philippine Hilltribe Groups by Region* na sa taong 1986, umabot sa 115,248 ang mga Mansaka sa Davao del Norte (Luna ed., 1990, 195). Mga siyamnapu't limang porsiyento sa mga Mansaka ang maituturing na mangmang o *illiterate* sa kabila ng pagdayo ng mga misyonero sa kanilang lugar (Corcino 1995, 5).

Pinili ko ang tribung Mansaka na naninirahan sa bayan ng New Bataan, Compostela Valley Province. Si Gng. Felicitas Salazar, isang Mansaka, ang nakapagturo sa akin sa kinanaroroonan ng isang magdadiawot - taong kumakanta ng epiko - si Gng. Magdalena Saniega. Nang pinuntahan namin siya sa kanyang bahay sa Sitio Taytayan, Barangay Andap, New Bataan, pinagbigyan niya ang aming kahilingan na maitape-rekord ang kanyang diawot na umabot lamang ng dalampung minuto. Ayaw na niyang ipagpatuloy pa ito dahil nararamdaman daw niya ang espiritu ng kanyang namatay nang asawa, ang lagi niyang kapareha sa pagdiawot nang nabubuhay pa ito. Sinabi niya na mas mabuti puntahan namin si G. Tanasyo Barabag, tawagin nating si Umpo, sa kabundukan ng Sitio Taytayan, sakop pa rin ng New Bataan. Isa siyang Mansaka, setentai-otso taong gulang at tatlumpong taon nang naninirahan sa naturang lugar. Napangasawa niya si Magaliana Madino. Nagkaroon sila ng sampung anak ngunit pito lamang ang nabuhay. Isa si Umpo sa mga matikadong o matandang miyembro ng kanilang komunidad. Itinuturing siyang matigam o pinakamahusay sa pagdiawot sa kanilang lugar dahil bukod sa maganda at mataas nitong boses, kabisado niya ang bawat pangyayari at liriko ng diawot.

Sa panahon ng aking *fieldwork* noong Enero hanggang Setyembre 2003, nakapagrekord ako ng isang diawot na pinamagatang Manggob. Kinanta ito ni Umpo. Sinabi niya na may iba't ibang pangalan si Manggob: Manggob si Diomabok, Manggob si Gagaydan at Manggob si Manginsawan. Itinuturing na magiting na bayani sa kasaysayan ng mga katutubo si Manggob at siya ang pangunahing tauhan sa kuwento.

Ang diawot ay nangangahulugang isang awitin. Tulad ng maraming uri ng awitin, iba-iba rin ang uri ng diawot. May diawot sa pagpapatulog ng bata, diawot na inaawit sa panahon ng mga pagtitipon o inuman, diawot sa pagpapalitan ng mga katwiran o bayok tulad ng ginagamit sa pamamilihan ng mga magulang ng lalaki sa mga magulang ng babae, diawot na nauukol sa kasaysayan at iba pa. Nauuri ang Manggob bilang diawot ng kasaysayan. Sa lahat ng uri ng diawot ng mga katutubo, ito ang itinuturing na pinakamahaba, pinakamasining at pinakatanyag. Kaya hindi maiiwasan na kapag nababanggit ang salitang diawot agad itong nauugnay sa Manggob.

Nilalayon ng kasalukuyang mananaliksik na maitala, maisalin, masuri at mapreserba ang epiko ng mga Mansaka, ang Manggob. Ninanais ko na masagot ang sumusunod na mga katanungan: 1) ano ang paksa at tema ng Manggob; 2) anu-ano ang mga katangian ni Manggob bilang bayani ng

epiko; 3) anu-ano ang mga paniniwala, kaugalian, tradisyon at mga ritwal ng Mansaka na nasasalamain sa epikong Manggob; 4) sino ang nagsasalaysay sa kuwento ni Manggob; 5) paano isinasagawa, anong okasyon at layunin sa pagkukuwento ng Manggob; 6) sinu-sino ang bumubuo sa mga tagapakinig at ano ang kanilang saloobin at reaksyon tungo sa naturang kuwento; at 7) kung bakit itinuturing sagrado ang Manggob.

Hindi ako makapagsasalita at makauunawa ng wikang Mansaka, kaya kinakailangan kong magpatulong sa isang tagapamagitan na bihasa sa wika ng mga taong sangkot sa pag-aaral. Kaya hiningi ko ang tulong ni Gng. Felicitas Salazar bilang tagapamagitan. Kalahating Mansaka si Gng. Salazar. Bihasa siya sa wikang Mansaka at Bisaya at maraming alam tungkol sa kanilang katutubong kultura.

Inirekord ko ang diawot habang aktwal itong kinakanta ni Umpo sa harap ng kanyang mga manonood at tagapakinig. Dahil karamihan sa mga katutubo lalo na ang mga edukadong Mansaka na nilapitan ko at pinarinig ng diawot ay hindi na nakauunawa sa wikang ginagamit dito, nagpasya ako na gamitin na lamang ang direktang pamamaraan sa pagsatitig ng inawit na teksto sa halip na pakikinig sa *tape* ng nairekord na diawot. Pumayag naman ang impormante na muli niyang ididikta ang liriko ng kanyang kanta habang isusulat naman ito ng kanyang manugang na si Ronilo Mantog, manugang ni Umpo at isa ring Mansaka. Isinulat muna ni Ronilo ang diawot bago hinati-hati sa mga linya bilang paghahanda sa gagawing pagsasalin. Sa tulong na rin nina Umpo Tanasyo, iba pang matikadong, mga anak ni Umpo at ni G. Bakido Barabag, nagawa niyang isalin ang orihinal na teksto mula sa Mansaka tungo sa Bisaya. Tumulong naman si Umpo Dela Peña Lanos, tiyuhin ni Gng. Aurelia Severino na taga-Napnapan, Pantukan, na ayusin at pakinisin ang isinagawang salin nina Ronilo.

Ako na ang nagsalin sa tekston; Bisaya tungo sa Filipino. Ginamit ko ang teorya ni Larson (1984) na nagsabi na ang pagsasalin ay paglilipat sa tunguhing lengguwahe (*Target Language*) ng magkatulad na kahulugan ng simulaang lengguwahe (*Source Language*). Ang pagsasalin na ginawa ko ay ibinatay sa kahulugang taglay ng bawat linya. May ibang mga linya namang nagkaroon ng bahagyang pagbabago sa kaayusan o istruktura sa pagsusumikap na mapanatili ang kahulugan nito.

Ngayon, inaanyayahan tayo sa isang paglalakbay tungo sa pagtuklas sa kakaibang larawan ng buhay ng mga katutubo. Inaanyayahan tayong sumakay sa diawot ni Umpo upang samahan si Manggob sa kanyang

pakikipagsapalaran. Sa ating pagsama sa paglalakbay na ito, hayaan nating ipakilala ni Umpo, sa katauhan ni Manggob, ang kanilang tribo — ang kuwento ng kanilang kagalakan, kalungkutan, kabiguan, pag-ibig, pakikibaka, kahirapan, pag-asa at tagumpay. Ating lakbayin at galugurin ang mundo ng mga katutubong Mansaka. “Yaturog si Dawmon” (Natulog si Dawmon) ang pamagat ng bersyon ng Manggob na aking nakalap sapagkat may malaking implikasyon sa paglalakbay ni Manggob at sa pag-inog ng kuwento ang ginawang pagtulog ni Dawmon.

(Tala ng editor: Ang epiko ay binubuo ng 9,209 linya. Dahil sa kakulangan ng espasyo, ang buod lamang ang maaaring isali sa artikulong ito. Hinahanda ang paglalathala ng buong epiko.)

“Yaturog si Dawmon” (Natulog si Dawmon)

Anim na magkakapatid ang naninirahan sa lugar ng Mapandan. Si Lanos ang panganay na lalaki, pangalawa si Dawmon at bunsó sa lalaki si Manggob. Si Sollanan naman ang panganay sa babae, sumunod si Dyaopan at si Abogaygay, ang pinakabunso sa anim.

Isang araw, habang nagtitipun-tipon ang tatlong magkakapatid na lalaki, nagpagawa ng pudong si Manggob kay Dawmon. Sa simula, maayos ang pagkakalikha nito ngunit inantok si Dawmon at nasira ang pudong. Itinapon niya ito sa silong. Bago siya natulog, binalaan niya ang kalikasan pati na rin si Manggob na huwag gumawa ng anumang ingay at huwag siyang gambalain kahit pa may sumalakay na kaaway.

Habang natutulog si Dawmon, nainip si Manggob at naisipan nitong maglaro kasama ang alipin ni Dawmon na si Borong. Naaliw nang husto sa paglalaro si Manggob hanggang sa pinaikot na ang trumpo nito. Sa sobrang tindi ng ikot ng trumpo, nawasak ang mga kabahayan sa silong ng Mapandan na lumikha ng napakalakas na ingay. Dahil dito, nagising si Dawmon at hinanap kung sino ang lumusob sa kanilang lugar. Sinabi sa kanya ni Lanos na walang lumusob sa kanila, ang ingay ay likha ni Manggob na noo’y hindi pa rin tumitigil sa paghiyaw habang kasamang umiikot ng kanyang trumpo. Nagalit si Dawmon, kinuha niya ang trumpo at itinapon sa karagatan. Nag-away silang magkapatid ngunit inawat sila ni Lanos at iba pa nitong mga kapatid na babae. Dahil dito, nagpasyang umalis si Manggob.

Nagsimula ang paglalakbay ni Manggob. Una niyang narating ang lugar ng Bidyuwan, kung saan nakasalubong niya ang balangay nina

Monggo na taga-Orayon. Para hindi siya makita at makilala, nag-anyong kawayan si Manggob. Nang makita ni Lyomontad, nakababatang kapatid ni Monggo, ang pambihirang punong kawayan, bumaba ito sa balangay upang kumuha ng suloy. Hindi siya nakakuha ng suloy sapagkat nagsalita ang kawayan. Tinanong siya kung saan sila tutungo. Sumagot si Lyomontad na pupunta sila sa Mapandan at hihingin ang kamay ni Sollanan, ang kapatid ni Manggob, para maging asawa ng kanyang nakatatandang kapatid. Sinabi ni Manggob na hindi sila maaaring tumuloy sapagkat magulo ang Mapandan. Pagkarinig ni Lyomontad sa balitang ito, bumalik agad siya sa balangay at ibinalita ang kaguluhan sa Mapandan sa kanilang ama na si Dyoyan. Iniutos ni Dyoyan na ipagpaliban na lamang ang lakad at pinabalik niya ang balangay.

Nang makaalis na ang balangay, ipinagpatuloy ni Manggob ang paglalakbay. Narating niya ang alapaap ng Subangnon. Ipinatawag ni Manggob ang hangin at inutusan nitong lusubin ang Subangnon para agawin si Barobaynon, babaeng napupusuan ni Dawmon, mula sa kanyang kapatid na si Tibay. Nag-away ang hangin at si Tibay. Natalo si Tibay at tinangay ng hangin si Barobaynon upang iharap kay Manggob. Inutusan ni Manggob ang hangin na dalhin sa Mapandan si Barobaynon upang ibigay kay Dawmon. Kasabay ng bagyo, ang kwintas ni Manggob ay tumungo sa Mapandan. Ipinakuha ni Manggob sa kwintas si Abogaygay, ang nakababata nitong kapatid, bilang kapalit kay Barobaynon. Bago umalis ang kwintas pabalik sa Subaynon, ibinilin ni Dawmon sa kwintas na pinauwi na si Manggob upang makasama sa pakikidigma. Ngunit tinawanan lamang ito ni Manggob nang kanyang malaman.

Mula sa Subangnon, napadaan si Manggob sa lugar ng Pammaroyan. Nakita niya rito ang taong naging bato. Tinulungan niya itong maging tao muli. Gusto nitong sumama sa kanya ngunit tinanggihan niya. Sa kanyang pag-alis, ang tao’y naging bato muli.

Dumaan din si Manggob sa Pannibadan. Dito natutulog ang napakalaking buwaya. Ginising ito ni Manggob upang magpaalam na dadaan siya ngunit lalo itong nahimbing. Nainis si Manggob kaya pinalo niya ito sa ulo. Binantaan siya ng buwaya na ngunguyain ngunit bago nangyari ito, hinawakan ni Manggob ang nguso ng buwaya at iwinasiwas hanggang sa nabali ang gulugod at buntot nito. Itinapon ni Manggob sa kabilang pulo ang wasak na katawan ng buwaya.

Maraming lugar pa ang nilibot ni Manggob bago narating ang pinakadulong isla. Tuyo ang lupang ito ngunit kabigha-bighani sa


kagandahan. Ang buhangin dito ay tila ginto na kumikinang lalo na kapag nasisikatan ng buwan. Tinutubuan ito ng mga kalibaw at tambo. Nahigitan pa nito ang Mapandan ngunit walang naninirahan sa pook na ito. Nagpahinga lamang rito si Manggob at nagpatuloy sa kanyang paglilibot.

Nakarating si Manggob sa lugar ng Ogsoban kung saan naninirahan ang malaking alimpuyo. Ang lugar na ito'y pinaliligiran ng dagat at wala nang matatanaw na isla sa paligid. Natanaw ni Manggob ang alimpuyo na umaabot hanggang sa kalagitnaan ng langit. Lalapitan sana niya ito nang harangin siya ng bagyo. Naglaban si Manggob at ang bagyo, natalo ang bagyo at hinayaan niyang makatawid si Manggob. Sinisid ni Manggob ang karagatan. Inabot siya ng walong araw bago narating ang kailaliman ng dagat. Nang nasa ilalim na siya ng tubig, natanaw niya ang nag-iisang bahay ng alimpuyo. Nabatid ni Manggob na hindi pangkaraniwan ang naninirahan dito. Dumaan lamang siya rito at nagpatuloy sa kanyang paglalakad sa ilalim ng karagatan.

Narating niya ang lugar nina Pyandagindin, ang kanyang tiyahin. Tinanggap siya ni Pyandagindin bilang panauhin dahil hindi naman niya nakikilala na si Manggob ang kanyang kaharap. Sa pamamagitan ng panaginip ni Taranginan, anak ni Pyandagindin, nalaman nilang si Manggob ang dumating. Nagsaya sila sa pamamagitan ng pagnganga at pag-inom ng alak. Nagpaalam si Manggob at sinabihan siya ni Pyandagindin na dumaan sa bahaging silangan upang marating ang lugar ng kanyang kapatid na si Ammamaroy, tiyuhin ni Manggob. Umahon si Manggob sa karagatan.

Sa kanyang pag-ahon, narating niya ang Yognokan. Nadatnan niya sa dalampasigan si Ammamaroy na naghahasa ng kanyang sandata. Pagkatapos nilang mag-usap, napagkasunduan ng dalawa na magbuno. Kung sakaling matatalo ang matanda, ibibigay nito kay Manggob ang dalagang kanyang inaalagaan, si Allag. Kung si Manggob naman ang matatalo, hindi na siya makakaalis sa Yognokan. Sa kanilang pagbuno, natalo ang matanda. Habang sila ay namamahinga, natanaw nilang sinalakay ng mga taga-Mamaylan ang kanilang karatig-pook, ang Mobollog. Sinabi ni Manggob sa matanda na ihanda ang balangay upang kanila ring lusubin ang Mamaylan. Katulong ang asawa nitong higante, inihanda ni Ammamaroy ang napakalaking balangay.

Pagdating sa Mamaylan, si Manggob lamang ang nag-iisang nakiharap sa mga bagani. Nagpaiwan si Ammamaroy sa balon. Nang makalapit na si Manggob, inanyayahan siyang ngumanga at uminom ng mga bagani ng Mamaylan. Tinanggihan niya ang mga ito. Sa halip, dinampot niya ang



Ang mga Lugar na Napuntahan ni Manggob at ang Kasalukuyang Pangalan ng mga ito Nakapaloob sa Panaklong ().

Tala: Ang kasalukuyang mga lugar na katumbas ng pangalan ng lugar sa epiko ay ibinatay lamang sa sariling palagay ni G. Tanasyo Barabag at walang matibay na batayan ukol sa katotohanan ng mga ito.

mangkok at inihampas sa ulo ni Masandal, pinuno ng mga mandirigma. Pagkatapos niyang ihampas ang mangkok, sinimulan niya ang pananaga. Nilipol ni Manggob ang libu-libong mga bagani ng Mamaylan. Nag-uwi sila ng napakaraming bihag. Sa lahat ng mga bihag, natatangi si Saringkogon. Nabighani si Manggob sa taglay nitong kagandahan kaya itinago niya ito sa kanyang kwintas.

Bumalik ang balangay sa Yognokan, lulan ang libu-libong mga bihag. Nagdiwang sila sa kanilang natamong tagumpay. Binilang ni Ammamaroy ang mga napatay ni Manggob. Hindi nito nakayanang bilangin sa loob ng isang araw ang kalahati ng mga napatay ni Manggob. Nahigitan pa ni Manggob ang katapangan ni Ammamaroy. Dahil na rin sa katandaan, isinalin ni Ammamaroy kay Manggob ang kanyang kapangyarihan. Iginawad kay Manggob ang pamagat na bagani. Pagkatapos, tinupad ni Ammamaroy ang kanyang pangakong ibibigay ang dalagang kanyang inaalagaan na si Allag, kapatid ni Mawngat na taga-Yobagan. Itinago si Allag ni Mawngat sa Yognokan upang walang sinumang lalaking makakita sa kanya ngunit wala siyang nagawa nang ipagkaloob siya ni Ammamaroy kay Manggob. Kinasal sina Manggob at Allag sa Yognokan. Pagkatapos ng kasal, naisipan ni Manggob na bumalik sa Mapandan.

Sa kanyang pagbabalik, isinama niya si Allag. Itinago niya ito sa isa sa mga palawit ng kanyang kwintas. Sa kanilang paglalayag pabalik sa Mapandan, napadaan sila sa karagatan ng Orayon. Sinalubong ni Liban, pinsan ni Lyomontad, ang balangay ni Manggob. Hindi alam ni Liban na si Manggob ang kanyang nakaharap. Ibinalita ni Liban na lahat ng mga kapatid ni Manggob ay nagsipag-asawa na. Nagalit si Manggob at pinaalis si Liban. Itinuloy niya ang kanyang paglalayag.

Nang makarating si Manggob sa Mapandan, hindi na siya namumukhaan ng kanyang mga kapatid. Sa pamamagitan ng panaginip ng anak ni Lanos, ipinaalam na nagbabalik si Manggob. Noon lamang nila nakilala si Manggob. Isinalaysay nina Lanos na nagsipag-asawa na ang lahat nilang mga kapatid. Muling nagalit si Manggob ngunit kinausap siya ni Lanos. Isa-isang ipinalabas ni Manggob ang mga babaeng nakatago sa kanyang kwintas. Una niyang ipinalabas si Abogaygay, pangalawa si Allag at pangatlo si Saringkogon. Nang makita ni Allag si Saringkogon, nagalit siya kay Manggob at nagpaalam na babalik na siya sa Yognokan. Pinigilan siya ni Manggob at muling inilagay sa loob ng kwintas. Itinuloy naman ni Manggob ang kanyang balak na lusubin ang Orayon bilang ganti

niya kay Monggo dahil pinakasalan nito si Sollanan, nakatatandang kapatid ni Manggob, sa panahong wala siya.

Pagdating ni Manggob sa Orayon, pinatay niya ang mga bagani doon. Libu-libo ang kanyang napatay. Ipinagbigay-alam ng isang bagani kay Monggo ang nangyari kaya naghanda siya upang harapin si Manggob. Naghahanda pa lamang ito nang puntahan siya ni Manggob at hinamong bumaba at harapin siya. Nagharap sina Manggob at Monggo upang maglaban. Ngunit hinarang sila ni Lanos. Nang malaman ni Monggo na si Manggob ang kanyang nakaaway, nagkasundo ang dalawa. Nagkaroon ng pagdiriwang sa lugar ng Orayon. Dumating din si Ammamaroy upang makibahagi sa kasiyahan.

Nailagay sa ayos ang lahat. Ang bawat tauhan ay namuhay nang matiwasay sa kani-kanilang mga lugar kasama ang kanilang mga pamilya.

Pagsusuri sa Nilalaman ng Epiko

A. Paksa at Tema

Pinapaksa ng epiko ang pakikipagsapalaran at mga pangyayari sa panahon ng paglalakbay ni Manggob sa iba't ibang lugar sa daigdig. Tinatalakay ng kuwento ang sanhi ng kanyang paglisan sa lupang sinilangan, ang kanyang pakikidigma at pagiging bagani, pag-aasawa at ang muling pagbabalik sa Mapandan. Batay sa kategoriya ni Meñez (1996, 15), ang ganitong uri ng epiko ay napabilang sa epiko ng paglalakbay (*migration o journey motif*).

Sa kwento, bago nagsimula ang paglalakbay ni Manggob, nadaanan niya ang tatlong di-pangkaraniwang lugar, ang Pammaroyan (lahat ng dumadaan dito ay nagiging bato), ang Panlibadan (lugar ng napakalaking buwaya) at ang pinakadulong lugar (tuyo na lugar ngunit kaakit-akit dahil sa kaningningan nito). Nang marating naman ni Manggob ang Yognokan, lugar ni Ammamaroy, ang unang pagsubok na dinaanan niya ay ang pakikipagbuno kay Ammamaroy. Natalo niya si Ammamaroy. Pangalawa niyang pagsubok ang pakikidigma sa mga taga-Mamaylan. Nilipol niya rito ang libu-libong mga mandirigma. Nang mapatunayan ni Ammamaroy ang walang katulad na katapangan ni Manggob, nagpasya siyang ipagkaloob kay Manggob ang kapangyarihan ng araw na kasalukuyan niyang hawak-hawak, pati na rin si Allag.

Pagkatapos ng kasal ni Manggob kay Allag, nagpasya siya na bumalik sa Mapandan. Sinimulan niya ang kanyang mahiwagang paglalakbay. Napakabilis ng takbo ng kanyang balangay sa tulong ng ibon ni Ammamaroy na sumama sa kanila. Sa yugtong ito, ang landas ng pagbabalik ay kumakatawan sa pakikidigma ni Manggob sa taga-Orayon. Dahil sa pagkakataong ito, napakawalan niya ang kanyang galit na nagbigay-daan upang lubusan niyang matamasa ang kalayaang mabuhay.

Ang tema ng epiko ay sumasalamin sa isang unibersal na pananaw ukol sa buhay – na ang buhay ng tao ay isang paglalakbay na puno ng pakikipagsapalaran. Kinakailangan ng tao ang makipagsapalaran upang mahanap at higit na makilala ang kanyang sarili. Sa buhay ng tao, kailangang umalis upang muling makabalik.

Nasasalamin din sa epiko ang karaniwang tema ng mga katutubong epiko sa Pilipinas (Meñez 1996, 19) tulad ng matibay na pagbibigkis ng pamilya, utang na loob, at pagtutulungan, pagpapahalaga sa sarili at lipunan at pagmamahal sa kalayaan.

B. Si Manggob Bilang Bayani ng Epiko

Ayon kay Demetrio (1979, 9-10), ang epiko ay dapat na ginagalawan ng isang sagrado at kapita-pitagang tauhan. Sa paglalarawan naman ni Meñez (1996, 19), ang bayaning lalaki ay matapang, may lakas ng loob na maglakbay kahit nag-iisa, matapat sa kamag-anak at mapagmahal sa kabiyak. Taglay ni Manggob ang nabanggit na mga katangian. Bilang bayani sa kuwento, taglay ni Manggob ang kapangyarihan. Nagagawa niyang magbagong anyo tulad ng pagiging isang puno ng kawayan. Napakabilis kung siya'y kumilos. Mas mabilis pa siya sa kidlat kung lumukso. Nakakayanan niyang manatili sa ulap o sa ilalim ng dagat sa loob ng maraming araw. Ang ningning na lumalabas sa kanyang katawan, at ng iba pang mga tauhan, ay sumisimbolo rin ng kanilang di pangkaraniwang katangian at kapangyarihan.

Taglay din ni Manggob ang pambihirang lakas. Nakaya niyang buhatin at iwasiwas ang napakalaking buwaya. Nawasak ang katawan nito na kanyang inihagis sa kabilang pulo. Dahil sa tindi ng kanyang lakas, napugto rin niya ang sinturon ng kanyang nakakalaban sa pagbuno. Nangyari ito sa paglalaban nila ni Borong at ni Ammamaroy. Nang maglaban sila ni Ammamaroy, nayanig at nawasak ang malaking bato na kanilang kinatatayuan at nalipat ang posisyon ng mga pulo.

Matapang si Manggob hindi lang sa lakas kung hindi maging sa kalooban. Nang hinamon niya si Dawmon sa isang paglalaban, malinaw na nailarawan ang kanyang katapangan. Hindi niya inurungan si Dawmon hanggang sa inawat sila ni Lanos. Nagkaroon siya ng lakas ng loob na lisanin ang kanyang lugar kahit walang katiyakan ang gagawin niyang paglalakbay. Wala siyang kaaway na inuurungan at nananalo siya sa lahat ng kanyang mga laban. Nalalabanan niya ang tao maging ang kalikasan. Napasuko niya ang matinding bagyo na humadlang sa kanya papunta sa lugar ng Ogsoban. Nag-iisa niyang nilusob at nilipol ang libu-libong mga mandirigma sa bayan ng Mamaylan na naging sanhi ng paggawad sa kanya ng pamagat na bagani. Nilipol rin niya ang libu-libong mandirigma sa Orayon. Inilalarawan ito sa kuwento:

Yang liwagan sang Orayon
 Yang baybay sang Borawanon
 Taraw sang yamabawad
 Yang dyomdoim gadaroyon
 Pagpakobas-kobas da
 Pagpakamo-kamo da
 Sang mayagawyaw na konom
 Sang mayaot na dilagan
 Pagkarato yang abat
 Pagkaobas yang bonsari
 Boko laong nang sipdong
 Tingog nang simbaray
 Dida kaw magkarombok
 Sang parangka kyarawman da
 Dida magkadompilay
 Sang tamba kyaromanan da
 Wain kaw kang Manggob
 Diin kaw gaydan
 Oradota yang sanggid
 Gabnaa yang inasa
 Kinampilan magkilat
 Songay magkaraga
 Padanoni yang dato
 Padogi yang bagani
 Maway yang pyagsikogdan
 Maawat yang pyagsiligowan

Ang lugar ng Orayon
 Ang bukal ng Burawanon
 Sumasabay ang isipan
 Ang loob sumusunod
 Nagtatago na
 Kumukubli na
 Sa manipis na langit
 Sa manipis na langit
 Pagsapit sa kabahayan
 Pagbaba sa mga bahay
 Ang wika ng kapitbahay
 Ang sabi ng karatig-bahay
 Huwag umupo
 Sa kwarto ng hinamakan na
 Huwag lumuklok
 Sa silid na narumihan na
 Saan ka kay Manggob?
 Saan ka kay Gagaydan?
 Binunot ang gulok
 Binunlot ang itak
 Kampilan kumidlat
 Sundang nagliliyab
 Tinamaan and datu
 Tinaga ang bagani
 Marami na ang tinamaan
 Marami ang tinaga

Boko raong ni Manggob	Di ba nagwika si Manggob
Ati kagillawayan	Hindi magandang tingnan
Sapdan kasisipyatan	Hindi mabuting pagmasdan
Gapadaroga kaw mingkod	Umupo ka nang maayos
Gaparaktad kaw mangatang	Umupo nang matuwid
Liwaring yang manikwan	Mga hangal ang umuupo
Siwakang yang manarik	Walang bait ang nangagsiuopo
Magisoot marombok	Magkakahiwalay na nakaupo
Magsoway madompilay	Magkalayong nakaluklok
Komowaaw kyakaotdan	Kung sisigaw, napuputol
Moodyooy kyakapodpodan	Kung pumalahaw, napupugto
Simimba yamarombok	Lumulohod, pinapatay
Lomood yamadompilay	Nagpapanikluhod, tinataga
Wara day pyagidonggan	Hindi na magkamayaw
Byagibi nang dugo	Bumabaha ang dugo
Byagibi nang lapanog	Umaagos ang dugo
Yomoros da kang darom	Bumabaha na sa silong
Yomomdayon da kang pamanag	Tumatagos na sa ilalim
Syomabang da kaw lawdan	Dumadaloy na sa karagatan.
Syomobok da kang tawilan	Dumadaloy sa laot

Marahas si Manggob sa mga kaaway ngunit mapagmahal sa mga taong malapit sa kanya.

Bagamat nagtataglay si Manggob ng mga di-pangkaraniwang katangian, makikita din sa kanya ang mga katangian ng isang karaniwang tao. Marunong siyang magalit. Nagalit at nagwala siya nang itinapon ni Dawmon ang kanyang laruang trumpo. Marunong siyang magdamdam. Ito ang naging sanhi ng kanyang pag-alis sa lupang sinilangan.

Si Manggob ay kadalasang tumatawa bilang tanda ng kasiyahan o pagkagalit. Sa kabila ng kanyang pagiging babaero, nakuha pa rin niyang umibig nang tunay. Una siyang nabighani kay Saringkogon at sunod kay Allag ngunit si Allag ang una niyang pinakasalan.

Mapagmahal si Manggob sa kanyang kabiyak. Hindi niya pinayagang umalis si Allag nang magtampo ito sa panahong nalaman niyang may ibang babae pa si Manggob. Pinahahalagahan din ni Manggob ang kanyang pamilya. Nagalit siya nang ikinasal ang kanyang kapatid na si Sollanan habang siya'y wala. Ipinapakita rin dito ang pagpapahalaga niya sa sarili (*pride*). Itinuring niyang isang kalapastanganan ang ginawa ni Monggo na

pagpakasal at pagkuha sa kanyang kapatid, kaya nagawa niyang sugurin ang Orayon at patayin ang libu-libong mandirigma doon.

C. Kultura ng mga Mansaka

Relihiyosong Paniniwala

Sa obserbasyon ni Magaña (1972, 352), ang Manggob ay walang kaugnayan sa ritwal ngunit sumasalamin ito sa kultura ng mga katutubong Mansaka.

Binanggit sa epiko ang Magbabaya o Omayon, pinaniniwalaang Diyos ng mga katutubo na siyang nagtatakda ng kanilang kapalaran. Kinakatawan ito ng isang manaog o istatwang yari sa kahoy na pinatatayo sa isang parangka o pedestal (Magaña 1973, 26-27). Sa pagdasal ni Manggob bago isinagawa ang pagbabagong anyo ng pagiging kawayan, binanggit niya ang Magbabaya o Diwata. Ipinagdarasal ng mga kababaihan sa Magbabaya upang maging mabait si Dawmon.

Sa kuwento, dalawang ulit na tumunog ang mga limokon. Una itong naganap sa pagdampot ni Manggob ng kanyang trumpo at pangalawa, sa pagdampot ni Masandal sa mangkok upang pilitin si Manggob na uminom ng alak. Sa dalawang pangyayaring ito, ang pagtunog ay nagbabadya ng panganib at kapahamakan. Ang pagtunog ng limokon ay nagsisilbing senyales, maaaring nagtatakda ng tagumpay o kapahamakan (Corcino 1995, 7).

Naniniwala ang mga Mansaka sa mga abyan o mabubuting ispiritu at mga engkanto o masasamang ispiritu. Ayon kay Umpo, mababait ang mga abyan samantalang ang mga engkanto ay maaaring mag-anyong tao at makihalubilo sa tao. Binanggit sa Manggob ang ukol sa tagamaring o mabubuting ispiritu na naninirahan sa mga puno ng balete at ukol sa mga tagaydom, iba pang uri ng kakaibang nilalang.

Noong 23 Enero 2003, nasaksihan ko kung paano pinasukan ng kanyang abyan si Dayudo Madino, biyenan ni Umpo. Kasama ang kanyang anak, papunta siya noon sa sementeryo upang dalawin ang kanyang asawa na ilang beses na niyang napanaginipan. Nauna sa paglalakad ang kanyang anak na nagdadala ng insenso (bunot na nakalagay sa bao ng niyog at may baga sa itaas na siyang lumilikha ng aso). Napadaan sila sa harapan ng tindahan ni G. Bakido Barabag, bunsong kapatid ni Umpo, kung saan kami nag-uusap kasama ng iba pang mga tagaroon. Maya-maya, huminto sa paglalakad si Dayudo at napaupo sa malaking bato na nasa tabi ng daan. Nagsimula siyang manginig at may sinasabi siya na kung pakikinggan

mo ay parang awit. Sinabi ng mga tagaroon na pinasukan si Dayudo ng kanyang abyan. Ayon kay Juvelyn Barabas, isa sa mga nakausap ko, sa panahon na sinasaniban ng abyan si Dayudo, hindi niya alam ang kanyang sinasabi ngunit naiintindihan niya ito dahil ipinapaunawa naman ng kanyang abyan. Halimbawa, kapag mayroong nagpapagamot sa kanya at may iutos ang abyan, pinapadaan ito kay Dayudo na nagsisilbing midyum o tagapamagitan upang ipagbigay-alam sa nagpapagamot kung ano ang nararapat gawin upang gumaling.

Naikuwento ni Gng. Aurelia Severino (29 Abril 2003), isa sa mga impormante, na ang kanyang lola ay isang balyan. Namatay ito dahil pinarusahan ng kanyang abyan. Ang kanyang apo o lola ang gumagamot sa kanila noong bata pa sila. Naaalala pa niya ang ginawa ng kanyang lola. Nag-aalay ito ng kanin na inanyong tao at inilalagay sa siklat (bilao na ibinibitay). Ang dami ng kanin, iba pang mga pagkain at inuming inaalay ay naaayon din sa dami ng mga ispiritu na kakain. Ang mga ispiritu ay nakikita ng kanyang lola. Ang iba pang mga bagay na inilalagay sa siklat ay mama (na binubuo ng ikmo at apog) at inumin. Ang inumin ay maaaring pagsaluhan ng mga ispiritu ngunit ang kanin ay hindi.

Sining

Sa epiko, ipininta ni Dawmon ang mga mukha ng kulog, bagyo, hangin, buwaya, pugita, sundang, kalasag o kampilan at tongkaling sa pudong na ipinagawa ni Manggob. Hugis-buwaya rin ang idinisenyo ni Sollanan sa hinabi niyang kumot. Sa kasalukuyan, makikita ang ganitong mga disenyo sa dagum o blusa ng mga kababaihan na binuburdahan ng makukulay at kaakit-akit na disenyong tinatawag na yatikup na dagum. Nakikita rin ang mga ito sa disenyo ng mga palayok, patadyong at iba pang sining-biswal. Ilan sa mga disenyong binanggit nina Corcino (1995, 6) at Magaña (1973, 24-25) ay mga hugis-parisukat, anyo ng tao, buwaya o laron na opat at maliliit na hugis-bilog. Itinuturing na may malaking kabuluhan sa istetika at relihiyon ang disenyo ng buwaya.

Sinabi ni Umpo (30 Enero 2003) na sa panahon ng mga Kastila ang mga Mansaka ay matataas ang buhok. Hindi ginugupitan dahil walang gunting. Nagagalit sila kapag hindi magsuot ng patadyong o saya ang mga babae. Ang mga ngipin, kailangang hasain at paaitimin. Kung hindi itim, pinapatay dahil hindi katutubo.

Kagamitan

Matutunghayan sa epiko ang iba't ibang kagamitan ng mga katutubo na ginagamit nila sa pang-araw-araw na pamumuhay mula sa mga kasangkapan sa loob ng bahay tulad ng nganga, alak, banga, mangkok, kumot, kutsilyo, suklay, kuwintas, pang-ahit at iba pa; mga kagamitang pandigma tulad ng kampilan, sibat, sanggid o gulok at iba pa; at mga instrumentong pangmusika tulad ng kudlong, gimbal, basaron o gitara at budyong o tambuli.

May itinatago pang kudlong si Bakido Barabag ngunit sira na rin ang mga kuwerdas nito. Noong muli kaming bumalik, maayos na ito at naghandog siya ng ilang musika. Sa mga palamuti naman, sinabi ni Gng. Arsenda Barabag 30 Enero 2003, asawa ni Bakido, na noon mayroon din silang mga palamuti gaya ng ng partina (*brass* na bilog na ginagayak sa harap ng blusa), sampad o hikaw na bilog at pamurang (pulseras) pero kinuha ito ng kanilang mga anak at ibinenta. Ngayon, wala nang natitira sa kanilang mga alahas. Natira na lamang sa kanila ang mga blusang tinatawag na saraboy at patadyong o palda.

Pamamanhikan at Pagpapakasal

Sa epiko, ang pamamanhikan nina Monggo kay Sollanan ay umabot ng isang taon. Sa loob ng panahong ito, pabalik-balik ang mga taga-Orayon sa Mapandan upang hingin ang kamay ni Sollanan mula sa nakatatanda nitong kapatid na si Lanus na siyang tumatayong ama nito. Sa bawat pagdalaw ng mga taga-Orayon, naghandog ang mga ito ng ginto. Maliban sa mga ito, nagdala rin sina Monggo ng napakaraming mga *allang* o alipin sa kanilang pamamanhikan.

Hindi lamang ginto o iba pang mahahalagang hiyas ang iniaalay sa panahon ng pamamanhikan ng mga Mansaka. Ipinagkakaloob din ang mga allang o alipin bilang mahalagang bahagi ng dote (Corcino 1995, 7). Ang mga allang ay kadalasang nabibihag sa mga lugar na sinasalakay at natatalo sa digmaan. Pinatunayan din ito ni G. Bakido Barabag (Pebrero 2003) na ang pagbibigay ng pangayo (kahilingan) o dote ay bahagi na ng kanilang kultura. Ang dote, ayon sa kanya, ay maaaring maliliit na bagay tulad ng patadyong, barasyong at linikanan (mga uri ng sundang), manok, baboy, patakya o lalagyan ng apog, agong, at tuklo o bangkaw. Ang halaga ng dote ay naaayon sa hinihingi ng mga magulang ng babae.

Sinabi ni Umpo (30 Enero 2003) na mga matatanda ang nagkakasundo ukol sa kanilang mga anak. Dati, ang dote na ibinibigay ng mga magulang

ng lalaki sa mga magulang ng babae ay umaabot mula 15,000 hanggang 20,000 piso. Kung hindi magbibigay ang mga magulang ng lalaki, "*walay kasal*." Hindi na tulad ngayon na ang babae at lalaki na lamang ang nagkakasundo.

Ayon kay G. Bakido Barabag, bata pa lamang ang lalaki, naghahanap na ng mapapangasawa nito ang kanyang mga magulang. Ang ama ng batang lalaki ang kalimitang naghahanap. Kapag nakarinig siya ng sanggol na kapapanganak pa lamang, pinupuntahan nito ang silong ng bahay at doon siya magpapahayag ng kanyang pakay. Kapag pumayag ang mga magulang ng batang babae, magsisimula na ng mamanhikan ang mga magulang ng lalaki sa mga magulang ng babae at magsisimula na ang pag-aalay ng dote. Ang mga magulang na rin ng lalaki ang tutustos sa lahat ng mga pangangailangan ng batang babae hanggang sa sumapit ang tamang edad nito upang magampanan ang kanyang tungkulin bilang isang ina at asawa. Ganito ang nangyari kay Gng. Magdalena Saniega (20 Enero 2003), isa sa mga impormante. Bata pa lamang siya nang itinira sa bahay ng mga magulang ng kanyang asawa. Ang kanyang mga biyenan na rin ang nag-alaga at nagpalaki sa kanya hanggang sa siya'y ikinasal.

Inilarawan sa epiko ang ritwal ng kasal nina Manggob at Allag. Ikinasal sila ni Ammamaroy na isang bagani. Nagsimula ang ritwal sa pangangaral ni Ammamaroy na bilang mag-asawa dapat na maging pantay ang kanilang pagtingin sa isa't isa at magbigayan. Pagkatapos ng pangangaral, isinagawa ang paghahasik ng ipa ng nganga na pinangunahan ni Manggob at sinundan naman ni Allag.

Ang ganitong seremonya ay naranasan pa nina Umpo at ng kanyang kapatid na si G. Bakido Barabag nang sila'y ikinasal sa kani-kanilang mga asawa. May kaunti lamang na mga pagbabago kung ihahambing sa nangyari sa epiko. Ayon kay G. B. Barabag, maaaring isagawa ng isang balyan, datu o bagani ang pagkasal. Sa kanyang pagpapakasal kay Gng. Arsenda, isang balyan ang nagpasimuno ng seremonya. Gayundin ang kasal nina Umpo at Gng. Magaliana. Idinadaos ang kasal sa pamamagitan ng pangangaral sa mga ikakasal at isusunod ang kainan. Maunang susubo ng kanin ang lalaki at susunod naman ang babae. Kapag nagsimula nang kumain ang mag-asawa, maaari nang kumain ang mga panauhin. Kapag hindi kakain ang isa sa mga kamag-anak ng babae, tatanungin kung bakit ayaw kumain at kung may hihingiin, ibibigay naman ang kanyang kahilingan. Sabi ni Corcino (1995, 7) nagpapatuloy ang kasiyahan sa loob ng anim na araw, tatlong araw sa bahay ng babae at tatlong araw rin sa bahay ng lalaki.

Ayon pa rin kay G. B. Barabag, sa kasalukuyan, hindi na sinusunod ang ganitong tradisyon ng pamamanhikan at pagpapakasal. Ang mga kabataan na mismo ang pumipili ng kanilang makakapareha sa buhay at mga pastor o pari na rin ang kumakasal sapagkat nagkaroon na rin ng relihiyon ang mga katutubo simula nang sila'y mapasampalataya sa pumasok na mga misyonero sa kanilang lugar.

Pinapayagan ng kulturang Mansaka ang pagkakaroon ng lalaki ng higit sa isang asawa o sistemang *polygamy*. Si Manggob ay nagkaroon ng dalawang asawa, sina Allag at Saringkogon. Sa mga taong nakapanayam ko, si G. B. Barabag (27 Pebrero 2003) ay nagkaroon ng tatlong asawa. Kasama niya ngayong naninirahan ang kanyang unang asawa na ipinagkasundo sa kanya noong bata pa siya. Namatay na ang pangalawa niyang asawa at may dalawa siyang anak rito. Pinalayas naman niya ang kanyang pangatlong asawa dahil "*way ayo*" (walang silbi).

Si Umpo ay nagkaroon din ng dalawang asawa ngunit namatay na ang unang asawa nito bago siya nagpakasal kay Gng. Magaliana. Si Dayudo Madino ay pangalawa sa tatlong naging asawa ng kanyang bana. Ikinuwento niya (7 Pebrero 2003) noong nais mag-asawa ng kanyang bana sa ikatlong asawa nito. Siya mismo ang lumakad o nag-asikaso para maikasal ang mga ito. Ang kanyang katwiran: matanda na ang kanyang bana at bata pa ang babae. Baka magluko ang babae. Mabuti na yung sigurado. Sabi niya nahirapan din siya sa pag-asikaso rito dahil sa Pantukan ang kasal ng dalawa.

Sa huwes ikinasal ang dalawa. Bago itinakda ang kasal, tinanong muna si Dayudo ng hukom kung ikinasal sila ng kanyang bana. Sinabi niyang "oo, kasal kami sa paraang nitibo." Kasal sa banig ang tawag nila rito (sapagkat isinasagawa ang kasal habang nakaupo sa banig ang mag-asawa at sa banig na rin ginagawa ang pagkain ng kanin). Wala siyang maipakitang dokumento dahil wala naman ito sa kanila. Sapat na ang salita para patutuhanan o pagtibayin ang kasal nila noon. Tinanong siya kung payag ba siyang mag-asawa muli ang kanyang bana. Sabi niya, "dahil kagustuhan niya, bakit ako hahadlang? Oo, pumapayag ako. Ipinakasal ko lamang sila upang maiwasan ang pagloloko ng babae? Sinabihan siya ng hukom, sabay tapik sa balikat na marunong ka."

Sinabi ni Gng. Saniega (20 Enero 2003) na nagkaroon ng apat na asawa ang kanyang ama na isang baylan. Isa siya sa naging pitong anak sa unang asawa nito.

Nganga at Alak

Mahalagang elemento sa epiko ang nganga at alak. Ito ang nagsisilbing pagkain ng mga tauhan at nagbibigay rin sa kanila ng lakas. Iniaalay nila ito sa mga panauhin tanda ng magiliw nilang pagtanggap sa mga dumadating. Ilang beses itong inilahad sa kuwento. Sinasabi ng mga matikadong na ngumangata rin sila noon ngunit sa kasalukuyan, hindi na nila ito ginagawa dahil nahumaling na sila sa sigarilyo. Mas madali kasing gamitin ang sigarilyo samantalang matrabaho naman ang paghahanda ng nganga dahil napakarami pang sangkap ang kinakailangan. Kape naman ang katumbas ng alak sa kasalukuyan. Madalas itong inumin sa kabundukan kung saan malamig ang panahon. Ang mga bahay na aming nadatnan ay nag-aalay ng kape.

Pagsusuri sa Teksto Bilang Pagganap

A. Ang Tagapagsalaysay

Ayon sa paniniwala ng mga katutubo, hindi lahat ay maaaring umawit ng diawot. Ang mga pinili lamang ang may kakayahang maglahad ng kuwento. Ayon kay Umpo, tinuturuan o sinasaniban sila ng kanilang mga abyan o mabubuting ispiritu. Idinidikta sa kanila ang bawat katagang lumalabas sa kanilang mga bibig kaya malinaw nilang naaalala ang bawat pahayag at mga pangyayari sa epiko. Sila ang mga taong may kakayahang makipag-usap sa mga abyan o mabubuting ispiritu kaya kadalasan ang mga balyan o relihiyosong pinuno ay mga magdadiawot din. Naaayon din ang ganitong paliwanag sa teorya ni Demetrio (1979, 10) na nagsasabing ang epiko'y katumbas ng mga karanasan na napagdaanan ng isang baylan sa kanyang pagtanggap sa responsibilidad at kanyang mga karanasan sa panahon na ginagamit niya ang kanyang kapangyarihan.

Sinabi ni Umpo na hindi napag-aaralan ang pagdiawot, nagiging likas lamang ito sa tao dahil ang kakayahang ito'y kaloob lamang sa kanya na "walang nagturo, nasa lahi na." May mga tao ring natutong magdiawot dahil nahasa na ang kanyang utak sa paulit-ulit na pakikinig ngunit hindi sila itinuturing na matigam o eksperto sapagkat may mga linya o pangyayari silang nakaliligtaan. Isa sa mga itinuturing na matigam magdiawot sa kanilang lugar si Umpo.

Ayon sa kuwento ni Umpo, noong kanyang kabataan, palagi na niyang naririnig ang kanyang nanay na kumakanta ng diawot. Interesado siyang makinig nito kaya lagi niyang hinihiling sa kanyang nanay na siya ay

kantahan. Nagagalit siya kapag humihinto ito upang asikasuhin ang iba pang mga gawaing bahay.

Nagsimula si Umpo sa pagkanta ng diawot sa edad na dalawampu. Noong una, hindi niya ito siniseryoso. Ayon sa kanya "Biru-biro lang ang aking pagdiawot." Pagkatapos niyang gawing biro ang pagkanta, nagkasakit siya. Naratay siya sa banig sa loob ng pitong araw at pitong gabi. Hindi siya kumain o uminom ng tubig sa loob ng panahong ito. Nagkaroon siya ng mga pangitain. Nakita niya ang buong pangyayari sa kuwento ng diawot. Napuntahan niya ang mga lugar na nasa kuwento at nakita rin niya ang mga tao, ang naggagandahang babae, at ang kanilang busilak na mga balat. Inihambing niya ang kabusilakan ng mga ito sa isang ilaw. Gaya ni Lanos, ang pinakamatandang kapatid ni Manggob, nakita ni Umpo ang busilak nitong pagmumukha at ang suot nitong nagliliyab na parang apoy. Nakita rin niya ang mga abyan o ispiritu na siyang nagturo sa kanya ng diawot. Mabubuting ispiritu ang mga abyan na nakatira dito sa lupa - sa mga puno ng balite, sa mga bato, sa tubig at sa iba pang anyo ng kalikasan.

Pagkaraan ng pitong araw at pitong gabing pagkakasakit, gumaling na siya. Nakakayanan na niyang bigkasin, sa pagkakataong ito, ang mga salitang hindi niya nabibigkas noon. Sapagkat ang mga abyan ang nagdidikta ng kanyang aawitin. Naniniwala si Umpo na kung sa sarili lamang niyang kakayahan, hindi niya magagawa ito. Sa tuwing sinisimulan niya ang pagdiawot, wala na siya sa kanyang sarili at hindi na niya gaanong namamalayan ang mga lumalabas sa kanyang bibig.

Sinabi ni Umpo na kanyang nalalaman lahat ng bahagi o tinatawag niyang "linya o klase" ng diawot. Isa lamang sa mga linya o kuwentong kanyang nalalaman ang bahaging nairekord ng kasalukuyang mananaliksik. Ginagamitan ng mga metapora o mga pasumbingay ang diawot kaya ito humahaba kaysa ordinaryong pagsasalaysay ng kuwento. Ito rin ang dahilan kung bakit nagkakaroon ito ng malalalim na kahulugan kaya mahirap itong intindihin. Sa pahayag ni Umpo, wala pa siyang nalalamang mga Mansaka sa bagong henerasyon ang interesadong mag-aral sa pagdiawot dahil mismong ang sariling wika ng mga ito ay bihira na nilang gamitin. Mas pinipili pa nilang gamitin ang wikang Bisaya.

B. Okasyon at Layunin sa Pag-awit ng Manggob

Karaniwang inaawit ang Manggob sa gabi sa panahon ng pamamahinga. Sa mga pagkakataong ito, walang ginagawa ang mga tao

sa isang tahanan kaya nagkakatipun-tipon na ang lahat. Dito na magsisimulang umawit ang isang manghihimig. Sa mga pagkakataon ding ito, malamig na ang panahon kaya nagiging maaliwalas na rin ang pakiramdam ng isang manghihimig at nagiging mas maganda ang kalidad ng kanyang boses. Ito rin ay ginagawa sa hapon o madaling-araw. Hindi lamang diawot ng kasaysayan ang isinasalaysay sa mga panahong ito. Kapag marami ang mga marunong umawit na naroon sa pagtitipon, isinasagawa ang pagpapalitan ng diawot o bayok. Kapag ang isa ay hindi marunong, kanila itong nililibak sa pamamagitan pa rin ng diawot (Gng. Saniega, 20 Enero 2003). Diawot pa rin ang tawag nila sa bayok sapagkat ito ay inaawit tulad ng diawot ukol kay Manggob.

Ayon kay Umpo at sa obserbasyon na rin ng mga tao sa pook, kalimitan siyang umaawit kapag palubog na ang araw hanggang sa magmadaling araw na sapagkat nagiging malinaw sa kanyang pananaw ang mga pangyayari sa diawot. Sa tulong ng kanyang abyan, naaaninag niya ang mga pangyayari sa bahaging kanyang kinakanta. Sa ganitong paraan, natutulungan siyang maalala ang bawat detalye ng kuwento. Kapag may araw pa, nagiging malabo naman ang mga larawan.

Inaawit din ang Manggob hindi lamang sa loob ng tahanan kung hindi maging sa iba pang mga pagtitipon at mga kasiyahan tulad ng kasal. Bago sinisimulan ang pagkanta ng epiko, kadalasang nag-aalay muna ng pamara o dasal ang isang manghihimig upang hingin ang gabay ng mga abyan at diwata (Fuentes at de la Cruz 1980, 79-80). Sa kasalukuyan, ang ganitong bahagi ay hindi na isinagawa ni Umpo. Tumuloy na siya kaagad sa paglalahad ng kuwento.

Sa pambungad na bahagi ng kanta, nagbibigay ng himig si Umpo, ang *di-di-ngi-di*. Ayon kay Gng. Aurelia Severino, tumulong sa pagsasalin ng epiko sa Bisaya, ang ganitong kataga ay katumbas ng *do-re-mi* o simpleng pagbibigay lamang ng himig. Binabanggit ang ganitong mga kataga sa bawat pagsisimula ni Umpo paggaling sa pamamahinga.

Hindi tulad noong maayos pa ang kondisyon ng kalusugan ni Umpo, nakakaya niyang magdiawot sa loob ng pitong oras hanggang magdamagan na hindi nagpapahinga. Sa panahon ng aming pagrekord, pinakamahaba na ang isang oras na hindi naantala ang kanyang pagkanta dulot ng malubha niyang karamdaman. May panahong napahinto si Umpo sa pagkanta hindi dahil sa masakit ang kanyang dibdib kung hindi dahil "kinakastigo" o pinarurusahan siya ng kanyang abyan. Nangyari ito noong nagpapahinga si Umpo, naging magulo ang mga tagapakinig at pilit nilang

ginagaya si Dayuno Madino na noo'y kumakanta ng diawot sa pagpapatulog ng iso o bata. Nang si Umpo na ang muling kumanta, bigla na lamang itong napahinto at tumulo ang kanyang luha. Itinigil muna niya ang kanyang pagkanta. Saka na lamang niya ipinaliwanag sa amin kung ano ang nangyari. Nagaganap din ang paghinto kapag may manggugulong engkanto o masamang ispiritu at nais nitong pumasok kay Umpo upang agawin mula sa abyan ang pagdiawot. Humihinto si Umpo upang hindi tuluyang makapasok ang masamang ispiritu.

Ayon kay Umpo at ng iba pang mga matikadong, iba-iba ang himig na inilalapat sa mga diawot. Ang himig ay naaayon sa *mood* ng kuwento. Ang Manggob na nairekord ko ay may mataas na tono na inaawit nang may kabilisan, ngunit ang ganitong himig ay hindi na nakakayanan ni Umpo kaya binabaan na lamang niya ang tono nito. May patern din ang pagbabago ng tono. Nagsisimula ito sa medyo mababa patungo sa mataas at bumabalik na naman sa mababang tono bago nagkakaroon ng antala. Sa pagsisimula ng panibagong bahagi ng kuwento, muli na namang mauulit ang nasabing patern.

Sa aking napagmasdan, sa pag-awit ni Umpo, hindi na siya gumagamit ng mga dramatikong sangkap. Nang tinanong ko siya ukol dito, sinabi niyang dati'y sinasaliwan ito ng kudlong upang lalong mapatingkad ang himig ngunit hindi na nila ginagawa ito sa kasalukuyan, lalo na't bihira na lamang ginagawa ang pagkanta.

C. Ang mga Tagapakinig

Nang pumunta kami sa Taytayan upang anyayahan si Umpo na magdiawot, dumagsa ang mga tagaroon sa bahay na aming tinuluyan. Hindi ko tiyak kung interesado silang makinig o nakipag-usyoso lamang sa amin na bagong dating. Naroon ang mga bata, mga maybahay, mga kalalakihan pati na rin mga matatanda. Nang magsimulang umawit si Umpo, napansin kong iba-iba ang mga reaksiyon ng mga tagapakinig. Pinaligiran si Umpo ng mga matikadong na tumawa at humiyaw paminsan-minsan. Nag-uusap din sila habang nakikinig. Nagtanung-tanong ako sa mga kalalakihan at iba pang mga maybahay na naroroon kung naiintindihan nila ang kuwento. Sinabi ng iba na konti, ang iba'y nagsabing hindi. Sa buong panahon ng pagrekord ng diawot, paiba-iba ang naging mga tagapakinig ni Umpo. Iba-iba rin ang kanilang reaksiyon.

Sa panahon ng pamamahinga ni Umpo (24 Enero 2003), dumating sina Gng. Estrilla Largo, ang mananabang o nagpapaanak, at si Juvelyn. Ikinuwento nilang kumanta si Juvelyn ng diawot sa pagpapatulog ng sanggol sa bahay na pinanggalingan nila. Sa pagkanta ni Juvelyn doon, tinawanan siya ng mga tao. Sinaway sila ni Umpo dahil hindi raw ito “yaga-yaga” (biro) lang. Baka sabihin ng mga tagapakinig na hindi bukal sa puso ang pagdiawot. Kung titingnan ang pahayag na ito ni Umpo masasabing nirespeto niya ang diawot samantalang makikitang ordinaryo naman ito para kina Juvelyn at Aling Estrilla.

Sinabi naman ni G. Albert Madino (30 Enero 2002), anak ni Dayudo Madino, na naiintindihan niya ang kahulugan ng kuwento ngunit hindi niya kayang bigkasin ang mga kataga nito. Ang kanyang ina ay magdadiawot din kaya lang palaging pumapasok ang abyan nito kaya lagi rin itong nanginginig. Sa diawot ni Umpo, sinabi niyang nagkasundo na magbuno ang mga abyan kung sino ang mananalo. Malaki ang isa. Nagsabi, baka hindi mo ako kaya? Sabi ng maliit, subukan natin. Natalo ang maliit. Sa epiko, dalawang beses lamang naganap ang pagbuno, ang pagbuno nina Manggob at Borong at pagbuno nina Manggob at Ammamaroy ngunit walang binanggit na mas maliit o mas malaking tao, alinman sa dalawang pagkakataong nabanggit, laging si Manggob ang nananalo. Dito mahihinuha ko na bagamat may naiintindihan si Albert na ilang bahagi, hindi naman lubusan ang kanyang pagkaunawa.

Sabi naman nina Mary Jane at Myrna, mga anak ni Umpo: Hindi na namin naiintindihan ‘yan, Ate. Hindi nila naiintindihan ang kuwento kaya hinahayaan na lamang nilang kumanta ang kanilang ama.

Ayon naman sa pahayag ni Gng. Magdalena Saniega (20 Enero 2002), madalas siya noong sawayin ng kanyang mga anak sa tuwing siya’y kumakanta sapagkat naaalibadbaran ang mga ito. Sabi niya : kapag nagdadiawot kami, sinasabihan kaming hay naku nagpapagulo lamang ‘yan...walang kabuluhan. Mapapansin sa pahayag ni Gng. Saniega na hindi interesadong makinig ang kanyang mga anak. Samantala, pinaniniwalaan ni Gng. Saniega na totoo ang mga nangyari sa kuwento at ito ay mga pangyayari ng nakaraan. Sa obserbasyon niya, may mga tagapakinig siyang naniniwala sa katotohanan ng mga pangyayari sa diawot at mayroon namang mga tagapakinig na hindi. **Sa ngayon, wala na raw kumakausap sa kanya upang kumanta ng diawot. Ako ang huling humiling sa kanyang kumanta.**

Samantala, napansin kong ang mga matanda ay tuwang-tuwang nang muli nilang marinig ang pagkanta ni Umpo na ayon sa kanila, hindi na nila madalas marinig simula nang magkasakit ito.

Bagamat, karamihan sa mga kabataan sa Taytayan ay hindi na nakauunawa sa kahulugan ng diawot, hindi pa rin masasabing wala nang interesadong mag-aral tungkol sa pagkanta nito dahil ayon nga sa mga matikadong, “pinipili” ang taong pinagkakalooban ng pambihirang hiyas ng pagkanta.

D. Ang Pagiging Sagrado ng Manggob

Ang Manggob ay hindi ginagamit sa pangangaral o pagtuturo ng magandang asal dahil ayon kay Umpo “*unsa man ang matudlo nga maayo ana nga si Manggob warshock man?*” (ano naman ang maituturong kabutihan niyan na *warshock* nga si Manggob). Hindi raw dapat na gamitin sa pagtuturo ng kabutihang asal sapagkat puro patayan naman ang matutunghayan sa kuwento.

Hindi man ginagamit sa pangangaral, may iba pang dahilan kung bakit hanggang ngayon kahit pa minsan na lamang ay inaawit pa rin ito. Ang pag-awit ng Manggob bilang pampalipas-oras ay mababaw lamang na dahilan kung bakit patuloy itong inaawit ng mga manghihimig.

Ayon kay Umpo, itinuturing niyang sagrado ang Manggob dahil ito ay naglalaman ng kasaysayan ng mga sinaunang lahi ng mga katutubo, kasaysayan bago pa man nagsimula ang sibilisasyon. Sinang-ayunan naman ito nina Gng. Magaliana Barabag, asawa ni Umpo, at Gng. Arsenda Barabag, bayaw ni Umpo. Si Manggob at iba pang mga tauhan sa kuwento ay itinuturing nilang ninuno. Sagrado ang kuwento para sa kanila sapagkat ang mga tauhan dito’y may hawak na kapangyarihan. May hawak silang kapangyarihan na kaloob sa kanila ng Magbabaya. Bukod pa rito, nasasalamin ang kanilang relihiyosong paniniwala sa Magbabaya na siyang nagtatakda ng kapalaran ng tao; paniniwala sa mga diwata, mabubuti at masasamang ispiritu at paniniwala sa mga pangitain sa pamamagitan ng pagtunog ng limokon.

Napansin ko rin batay sa aking pakikipanayam kay Umpo at iba pang mga tagapakinig na nauugnay nila ang pagiging sagrado ng diawot sa **kanilang pananampalataya (relihiyon)**. Isa sa mga patunay nito ay naganap noong 24 Pebrero 2003. **Bago nagsimulang magdiawot si Umpo, nagkuwentuhan muna kami ng mga tagapakinig. Naghanda ng kape si**

Juvelyn dahil kararating lang ni Larry na asawa niya mula sa Mt. Diwalwal (nagtatrabado sa minahan doon) at ni Johnny Madino, isa pang anak ni Dayudo. Napag-usapan ang tungkol sa kasaysayan ng kanilang lahi – “*ng mga nitibo*”. Sinabi ni Umpo na makikita sa kuwento ang mga pangyayari noon tulad na lamang ng mga ibon na marunong magsalita at makipag-usap sa tao, at mga punong nagdurugo kapag pinuputol ng tao. Sa kasalukuyang panahon, hindi na raw nangyayari ang mga ito dahil na rin sa mga pagkakasala ng tao. Nagsimula ito nang magkasala ang ating mga ninunong sina Adan at Eba. Ang pagbanggit sa pangalan nina Adan at Eba na napapaloob sa Bibliya ay malinaw na nagpapakita na naiuugnay ni Umpo sa kanyang diawot ang kanyang pananampalataya.

Isa pang patunay ng pag-uugnay ng diawot sa pananampalata (relihiyon): noong bumalik ako sa Taytayan (21 Enero 2004) upang isagawa ang pagpapatibay ng pagsatitik ng teksto at salin nito sa Bisaya, may bahagi akong nilinaw kay Umpo na ibinalik niya sa akin ang tanong ko. Itinanong ko kung sino ang nagkaloob ng kapangyarihan kay Manggob, si Ammamaroy o ang araw? Tanong niya sa akin “*Kay kinsa man diay naggikan ang gabom, day?*” (Kanino pala nanggaling ang kapangyarihan, Day?) Sabi ko “*sa adlaw lo*” (sa araw lo) dahil ang tinutukoy kong kapangyarihan doon ay ang kapangyarihang ipinagkaloob kay Manggob. Tanong niya ulit sa akin “*Unya, kinsa man ang nagbuhat sa adlaw?*” (Tapos, sino naman ang lumikha ng araw?) Sagot ko, “*ang Diyos lo.*” Sabi niya, “*Aw! Naa ra man diay na*” (Iyon naman pala). Dinagdag pa niya “*Ang Diyos ang labing makagagabom sa tanan. Siya ang nagbuhat sa adlaw, bueno ang gabom ni Manggob, naggikan gyud sa Diyos.*” (Ang Diyos ang makapangyarihan sa lahat. Siya ang lumikha ng araw, samakatuwid, ang kapangyarihan ni Manggob ay talagang nanggaling sa Diyos.)

Sa kabuuan, gusto kong makibahagi sa paliwanag ni Demetrio (1990, 232) ukol sa pagiging relihiyoso ng epiko. Ayon sa kanya, ang katawagang relihiyoso ay maaari lamang bunga ng pangangailangan na mapunuan ang *moral imperative* na gumawa ng mabuti at umiwas sa kasamaan. Idinagdag pa ni Demetrio na bagamat totoong ang epiko ay may bahid ng relihiyosong paniniwala ng grupo ng tao, ang pagiging relihiyoso ng epiko ay hindi dahil sa pagiging epiko nito kung hindi dahil sa pakikibahagi nito sa katangian ng mito.

Konklusyon

Batay sa mga inilahad na natuklasan sa isinagawang pag-aaral, narito ang mga nabuong konklusyon:

1. Ang Manggob ay maituturing na epiko ng paglalakbay at tulad ng iba pang epiko ng Pilipinas, ito ay nagtataglay ng unibersal na tema. Sumasalamin ito sa pangkalahatang tema ukol sa buhay ng tao – na ang buhay ay isang paglalakbay na puno ng pakikipagsapalaran;
2. Taglay ni Manggob ang mga katangian ng pagiging isang tunay na bayani ng epiko: may kapangyarihan, matapang at malakas. Taglay rin niya ang mga katangian ng isang karaniwang tao: marunong magalit, magmahal, may malasakit sa pamilya at may pagpapahalaga sa sarili. Dinaanan niya ang iba’t ibang yugto ng pakikipagsapalaran ng bayani ng epiko;
3. Salamin ng kulturang Mansaka ang Manggob. Kakikitaan ito ng iba’t ibang aspeto ng kanilang kultura: pananampalataya, sining, mga materyal na kultura, pamamanhikan at pagpapakasal at nganga at alak;
4. Isa lamang sa mga “napili” ng abyan na pagkalooban ng hiyas sa pagdiawot si G. Tanasyo Barabag. Bagamat, hindi na natitiyak ng mga matatanda kung may mga katutubo pa na interesadong mag-aral ng diawot, hindi pa rin natin masasabing nilimot na nila ito at tuluyan nang maglalaho. Dahil sa kanilang paniniwalang kaloob ito ng diwata o abyan, masasabing may pag-asa pang maaaring isa sa mga katutubo ang mapagkalooban ng naturang hiyas. Hindi nga lamang natitiyak kung sino at kailan;
5. Sagrado ang Manggob para sa mga matatanda. Nasasalamin dito ang mga elementong relihiyoso tulad ng pagbanggit sa kanilang diyos na Magbabaya o Omayon. Naiuugnay ito ni Umpo sa kanyang pananampalataya at kaalaman ukol sa Bibliya. Dahil sa limitado lamang ang isinagawang pakikipanayam sa iba’t ibang kasapi sa komunidad ng mga Mansaka ukol sa bagay na ito, ang mga nabanggit na dahilan ay masasabing hindi sapat upang mabuo ang isang matibay na paglalahat na ang kuwento nga ay relihiyoso o sagrado.

Mga Sanggunian

- Constantino, Ernesto. 1976. Philippine Oral Literature and Cultural Development of the Filipinos. *Mindanao Journal*, IV (1-4): 454-465.
- Corcino, Ernesto I. 1995. The Mansakas: Last of the Cohesive Tribes. *Kadayan Journal: Cultural, Historical, Economic and Literary*, 5-8.
- Demetrio, Francisco R., S.J. 1972. *Dialogue for Development: Papers from the First National Congress of Philippine Folklore and other Scholars* (pahina 346-380). Cagayan de Oro: Xavier University.
- Demetrio, Francisco R. S.J. 1976. An Overview of the Various Schools of Folkloristics and Their Methodologies. *Mindanao Journal*, IV (1-4): 12-44.
- Demetrio, Francisco R. S.J. 1979. An Overview of Philippine Epics. *Kinaadman*, 1:9-28.
- Demetrio, Francisco R. S.J. 1990. *Myths and Legends: Philippines*. Metro Manila: National Bookstore, Inc.
- Demetrio, Francisco R. S.J. 1991. *Encyclopedia of Philippine Folk Beliefs and Customs* (vol.1 & 2). Lungsod ng Cagayan de Oro: Xavier University.
- Fuentes, Vilma May A. at Edito T. Dela Cruz, ed. 1980. *A Treasury of Mandaya and Mansaka Folk Literature*. Lungsod ng Quezon: New Day Publishers.
- Larson, Mildred L. 1984. *Meaning-Based Translation: A Guide to Cross-Language Equivalence*. London: University Press of America.
- Luna, Juan Luis, Jr. 1990. *Distribution of Philippine Hilltribe Groups*. Sa Philippine Almanac Book of Facts, pahina 195.
- Magaña, Antonio S. 1973. The Culture of the Mansaka. *Mindanao Journal*, 1 (1), 13-31.